

Filipino

Ikatlong Markahan –Modyul 2: Nakapagsasalaysay nang Napakinggang Teksto at Kronolohikal na Napagsusunod-sunod ang mga Pangyayari



**Filipino – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 2: Nakapagsasalaysay nang Napakinggang Teksto
at Kronolohikal na Napagsusunod-sunod ang mga Pangyayari
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rosalinda A. Cabacang	
Editor:	Julito E. Lagrimas, Myra L. Bato	
Tagasuri:	Julito E. Lagrimas, Cora G. Catapan	
Tagaguhit:	John Christopher O. Go	
Tagalapat:	Beatrice A. Olmedo, Argie L. Ty, Ma. Dianne Joy R. De la Fuente	
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma Rose Marie M. Guino , Ryan R. Tiu Crista Joy A. Torbila Isagani E. Licas Elvira R. Ribo Beatrice A. Olmedo	Arnulfo M. Balane Joy B. Bihag Gorgonio G. Diaz Jr. Alex B. Rejuso Lucila R. Balondo Julito E. Lagrimas

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Regional No. VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Filipino

**Ikatlong Markahan –Modyul 2:
Nakapagsasalaysay nang
Napakinggang Teksto at
Kronolohikal na
Napagsusunod-sunod ang mga
Pangyayari**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin

1

Nakapagsasalaysay nang Napakinggang Kuwento at Kronolohikal na Napagsunod-sunod ang mga Pangyayari



Sa ating pag-aaral sa modyul na ito, tiyak kong masisiyahan ka dahil lalo mong mauunawaan kung paano makatutulong ang kronolohikal na pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa pag-unawa sa anumang babasahin o napakinggang kwento. Makatutulong din ito para madali mo nang maisasalaysay muli ang teksto.

Sa pamamagitan ng araling ito ay higit pang tatalas ang iyong kaisipan at pag-unawa sa pagbasa at pakikinig.



Alamin

Magandang araw sa iyo aking kaibigan. Panibagong araw, panibagong karunungan na naman ang ating matutuklasan

Ako nga pala si Kokoy, ang muli mong makakasama sa pagtalakay at pag-aaral ng modyul na ito.

Ngayong araw ay aalamin natin kung papaano natin mapagsusunod-sunod ang mga pangyayaring nabanggit sa teksto sa kronolohikal na paraan. Sisikapin din natin na muli mong maisalaysay ang napakinggang teksto ayon sa tama at maayos na pagkakasunod-sunod.

Pagkatapos ng ating pag-aaral, ikaw ay inaasahang:

Nakapagsusunod-sunod ng mga pangyayaring napakinggan sa teksto (kronolohikal na pagsunod-sunod) (F5PS-III-f-6.6)

* naisasalaysay muli ang napakinggang teksto nang ayon sa kronolohikal na pagsunod-sunod ng mga pangyayari. (F5PN-III-b-8.4)



Nananabik ka na bang matuto at makapulot ng panibagong kaalaman?
Maging ako ay nananabik na ring samahan ka sa pag-aaral na ito. Halina at subukin natin ang iyong kakayahan!



Subukin

Basahin nang may pag-unawa ang kuwento. Pagkatapos, ayusin ang mga pangungusap sa ibaba ayon sa pagkakasunod–sunod ng mga pangyayari sa nabasang kuwento. Ilagay sa bilang isa (1), ang pangungusap na dapat mauna hanggang sa huling pangungusap na dapat ay nasa bilang lima (5). Isulat sa sagutang papel ang iyong mga sagot.

Pista ng Bulaklak

Tuwing Pebrero, ipinagdiriwang ang pista ng mga bulaklak sa Lungsod ng Baguio. Kilala rin ito sa tawag na Pista ng *Panagbenga*. Ang Panagbenga ay salitang galing sa Cordillera na ang kahulugan ay panahon ng pamumukadkad ng mga bulaklak. Binibigyang halaga sa pistang ito ang magagandang bulaklak kung saan kilala ang lungsod dito.

Nagsimula ang pagdiriwang ng *Panagbenga* noong 1995. Isinagawa ang pistang ito para muling maibangon ang Lungsod Baguio mula sa sinapit nito dulot nang malagim na lindol noong 1990.

Maraming gawain ang makikita sa pagdiriwang ng *Panagbenga*. Ang pinakasikat at inaabangang gawain tuwing pista ng bulaklak ay ang parada. Kasama sa paradang ito ang sayawan sa kalsada at pagtugtog ng mga banda. Pinakabida sa paradang ito ang mga higanteng karosa na puno ng mga magaganda at mababangong bulaklak. Sa paggawa ng karosang ito, ipinapakita ng mga Pilipino ang kanilang pagiging malikhain at pagiging matulungin. Ipinaparada ang mga ito sa malalaking kalsada ng lungsod. Maraming mga taong galing pa sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas ang dumadayo sa Baguio upang mapanood ito.

-Hango sa Phil. IRI Manual 2018, DepED, pahina 104

- _____ Kasama sa paradang ito ay sayawan sa kalsada at pagtugtog ng mga banda.
- _____ Ipinagdiriwang ang pista ng mga bulaklak sa Lungsod Baguio.
- _____ Binigyang halaga sa pistang ito ang naggagandahang bulaklak.
- _____ Ipinapakita ng mga Pilipino ang kanilang pagiging malikhain at pagiging matulungin.
- _____ Maiangat muli ang Lungsod ng Baguio mula sa malagim na lindol.



Kumusta, nasagutan mo ba lahat? Anoman ang iyong makuhang marka ay ayos lang, ang mahalaga ay sinubukan mo at hindi ka sumuko. Tara na! Ipagpatuloy natin ang pag-aaral.



Balikan

Batay sa iyong mga nabasa at natutuhan, alamin ang tamang paraan nang paghuhugas ng kamay. Isulat sa iyong kuwaderno ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga ito.

- 1.
- 2.
- 3.
- 4.
- 5.



Madali mo bang napagsunod-sunod ang mga hakbang sa paghuhugas ng mga kamay? Ano ang dapat tandaan upang mas madaling mapagsunod-sunod ang mga ito?

Sa tingin ko'y handa ka na sa iba pang gawain. Ano pang hinihintay mo? Simulan na natin!



Tuklasin

Ang kasunod na gawain, ay magbibigay sa iyo ng pananaw sa kung gaano kahalaga ang pagdiriwang ng Pasko at paano nito pinagbubuklod ang pamilya.

Makinig nang mabuti sa maikling kuwento na babasahin ng iyong magulang o nakatatandang kapatid.

Ang Kapaskuhan sa Aming Barangay

Ang Pasko sa aming barangay ang isa sa pinakahihintay ng lahat. Makikita mo sa bawat mamamayan ang galak at pananabik sa nasabing pagdiriwang. Ilang araw pa bago ang Pasko ay abala na ang Barangay Palanit sa pagsalubong sa Pasko. Halos lahat ng mga tao ay tulong -tulong na sa pagsasabit ng mga parol sa mga poste.

Bawat tahanan ay may kanya-kanyang pailaw at may *Christmas Tree* na nakahandang pailawan sa pagsapit ng Pasko. Pagsapit ng alas dose ng gabi ng araw ng Pasko, na itinuturing pagsalubong sa pagkabuhay ng Panginoon, ang bawat pamilya ay nagsasalo-salo ng kanilang *Noche Buena*. Nagaganap din dito ang pagpapalitan ng regalo na siyang simbolo ng kanilang pagmamahalan sa isa't isa.

Pagsapit nang umaga ng Kapaskuhan, ika-25 ng Disyembre ay maraming bata ang nakabihis na at handa nang pumunta sa kanilang mga ninong at ninang upang tanggapin ang kanilang mga aginaldo, na maaring pera o kaya ay bagay. Sa simpleng pagdiriwang na ito, naipadadama ng bawat kasapi ng pamilya ang kanilang pagmamahal at pagbibigay sa bawat isa na siyang nagsisilbing diwa ng Kapaskuhan.

-Rosalinda A. Cabacang, Guro sa Filipino 5 & 6
Palanit ES San Isidro II

Gawain 1:

Panuto: Balikan ang napakinggang kuwento. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari binanggit dito sa pamamagitan ng pagsulat sa patlang ng bilang 1 hanggang 5 ayon sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod ng pangyayari. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ Sa ganitong selebrasyon ay mas naipapadama ang pagmamahalan ng bawat isa.
- _____ May mga pagkaing nakahanda sa hapagkainan upang may mapagsaluhan sa *Noche Buena*.
- _____ Bawat tahanan ay may kaniya-kaniyang pailaw at palamuti ng nakasabit
- _____ At pagsapit ng ika-25 ng Disyembre ay mas lalo pang naging maingay dahil sa mga batang handa ng tumanggap ng aginaldo
- _____ Maaga pa lamang ay abala na ang Barangay Palanit para sa selebrasyon ng Pasko.

Gawain 2:

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot.

1. Ano ang pinapaksa ng kuwento/ teksto?
2. Bakit pinakahihintay na araw ng Barangay Palanit ang Pasko?
3. Batay sa iyong karanasan, ganito rin ba ang paghahanda ng inyong barangay sa araw Kapaskuhan?
4. Kung ikaw ay isa sa mga nakatira sa Barangay Palanit, anong paghahanda na iyong gagawin para sa Pasko?
5. Ibahagi mo rito ang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa gagawin mong plano sa pagdiriwang ng Pasko sa inyong barangay.



Suriin



Sa iyong napakinggang kuwento, napansin mo ba kung paano ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari? Hindi ba madali lamang? Kaya, ako'y nakasisiguro na kaya mo nang muling isalaysay ang mga pangyayari sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod.

Bilang karagdagang kaalaman, basahin mo pa ang ilang mga paliwanag tungkol sa ating paksa.

Ang paraan ng pagsunod-sunod ng mga pangyayaring nabasa o napakinggan ay tinatawag na **kronolohikal na pagsunod-sunod** kung saan ginagamit ito upang mas madaling mailahad nang maayos ang mga hakbang at mga pangyayaring nais ipabatid ng isang manunulat. Mahalaga na nauunawaan ang binasa o napakinggang teksto para napagsusunod-sunod ito nang tama. Madalas ginagamit ang bilang sa kronolohikal na pagsusunod-sunod ng mga pangyayari. Ang paraang kronolohikal na pagsunod-sunod ay isang mainam na paraan upang mailahad ang kaisipan o pangyayari na makatutulong sa pag-unawa at pagpapalinaw ng ideya, ang hulwarang ito ay nagpapakita ng serye ng mga pangyayari na maaaring humantong sa konklusyong pagkasunod-sunod ng pangyayari.

Gawain 1:

Basahin at unawain ang kuwentong kasunod. Pagkatapos, kopyahin ang mga pangungusap na nasa ibaba sa inyong kuwaderno. Sa pagkopya, pagsunod-sunurin ang mga ito batay sa pagkakasalaysay nito kuwento. Gamitin ang titik **A** hanggang **E** upag maipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga ito.

Ang Puerto Princesa Underground River

Ang *Puerto Princesa Subterranean River National Park* (PPSRNP) ay makikita sa Palawan. Ito ay matatagpuan sa hilagang kanlurang bahagi ng Puerto Princesa.

Ipinapakita sa tanyag na pook na ito ang mga higanteng *limestone* na nasa kuwebang pinalolooban ng ilog. Iba't ibang kamangha-manghang hugis ang nabuo mula sa *limestone* sa loob ng kuweba. Ang ilog ay tinatayang 8.2 kilometro ang haba at ito ay tumutuloy sa dagat. Ang kagandahan nito ang dahilan kung bakit nakilala ang *Puerto Princesa Underground River* bilang isa sa Pitong *New Wonders of Nature*.

Makikita sa paligid ng ilog ang kabundukan at kagubatan. Ang makapal na kagubatan ang nagsisilbing tahanan ng ilang hayop na pambihira at *endangered*. Sa baybayin naman nito makikita ang halamang bakawan at mga *coral reefs*.

Mula nang maitalaga ang *Puerto Princesa Underground River* bilang isa sa Pitong *New Wonders of Nature*, dumami na ang mga taong gustong makita ito, maging Pilipino man o dayuhan.

Maliban sa pagsakay sa bangka upang makita ang *limestone* sa loob ng kuweba, marami pang maaring gawin dito na ikasasaya ng mga turista. Kinagigiliwan ng mga bisita rito ang *jungle trekking*, *wildlife watching*, *mangrove forest tour* at paglangoy sa tabing dagat na puti ang buhangin.

-Hango sa *Phil. IRI Manual 2018, DepEd, pahina 107*

- _____ Isa ito sa kinagigiliwang puntahan ng mga turista maging Pilipino man o dayuhan.
- _____ Ang Puerto Princesa ay makikita sa Palawan.
- _____ May iba't ibang hayop ang naninirahan dito.
- _____ Mayroon itong mga *limestone* na nagtataglay ng kamangha-manghang hugis.
- _____ Kinilala ito bilang isa sa Pitong *Wonders of Nature* dahil sa taglay na kagandahan.

Gawain 2:

Makinig at unawain ang kuwentong babasahin ng iyong magulang o kapatid.

Ang Kasaysayan ng Tacloban

Ang Tacloban ay kabisera ng Lalawigan ng Leyte. Ang Leyte ay matatagpuan sa Rehiyon 8 ng Pilipinas na bahagi ng Silangang Visayas.

Ang Tacloban ay unang nakilala bilang kankabatok, na ang ibig sabihin ay “pag-aari ng mga *kabatok*”. *Kabatok* ang tawag sa mga unang naninirahan dito. Mayaman sa yamang tubig ang lugar na ito. May ginagamit silang isang uri ng *basket* na panghuli ng mga isda at alimango. Ang tawag nila dito ay *Taklub*. Kapag may mga darayo sa lugar, ang sinasabi nila ay pupunta sila sa *Tarakluban*. Pagtagal ay tinawag din itong Tacloban.

Ang Tacloban ay nakilala dahil sa ginampanang papel nito sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Dito naganap ang tanyag na pagbabalik ni General McArthur. Naganap ito sa baybaying *White Beach* ng Tacloban. Dito rin nagtayo ng base-militar ang puwersa ng mga Amerikano at ang bayang ito ang unang napalaya mula sa puwersa ng mga hapon. Naging pansamantala itong kapital ng Pilipinas habang ang Maynila ay nasa kapangyarihan pa ng mga Hapon.

Sa siyudad na ito nanggaling ang dating Unang Ginang ng Pilipinas na si Imelda Romualdez Marcos. Ang Pamilya Romualdez ay isa sa mga kilalang pamilyang politiko ng lugar. Ang paliparan ng Tacloban ay ipinangalan sa pamilyang Romualdez.

Kakaunti lang ang nakaka-alam kung kailan naging munisipalidad ang Tacloban dahil ang mga dokumentong nakapagpapatunay rito ay sinira ng bagyo. Pero marami ang naniniwala na ang Tacloban ay opisyal na naiproklamang munisipalidad noong 1770.

Level: Grade 7

Bilang ng mga salita: 237

Reference: <http://www.tourisminthephilippines.com/city/Tacloban/tacloban-city-history-fil.php>;

Tanong:

Paano muling isasalaysay ang kasaysayan ng Tacloban City upang higit at madali itong maunawaan ng mga makikinig? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Pagyamanin**

Panuto: Babasahin ng iyong magulang ang kuwento at making nang mabuti upang masagutan ang mga tanong sa ibaba.

Pistang Bayan

Ang pagdiriwang ng pistang bayan ay labis na nagugustuhan ng mga Pilipino. Bago pa dumating ang kapistahan ay abala na ang mga tao sa paglilinis ng kani-kanilang mga tahanan, naglalagay ng mga palamuti sa mga lansangan at naghahanda ng mga pagkain.

Sa madaling-araw ng pista maririnig ang ingay ng mga baboy, kambing, itik, manok, bibe, baka, at iba pang hayop na kinakatay.

Sa araw ng kapistahan, makikita ang matatanda at mga bata na masayang nagsisimba, nanonood ng parada at sumasakay sa iba't ibang uri ng sasakyang pampasaya.

Masaya rin silang pumupunta sa bahay ng mga kamag-anak at kaibigan upang mamista.

Sa gabi, sumasama sila sa prusisyon at nanonood ng mga palabas.

Pagkatapos ng pista, masaya silang naglilinis ng tahanan, nagliligpit ng mga pinagkainan at nagkukuwenta ng pinagkagastusan, subali't makikita mo naman sa kanilang mga mukha ang labis na kaligayahan.

*-Rosalinda A. Cabacang, Guro sa Filipino 5 & 6
Palanit ES San Isidro II*

Gawain 1:

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sa araw ng pista, aling ang dapat gawin?
 - a. sumasama sa prusisyon
 - b. naglilinis ng tahanan
 - c. masayang nagsisimba
 - d. manood ng palabas

2. Batay sa kuwento, alin sa mga pangyayari ang dapat ay huling bahagi?
 - a. naglilinis ng tahanan
 - b. nagkukuwentuhan ng pinagkagastusan
 - c. masayang nagsisimba
 - d. nagkakatay ng baboy

3. Bago dumating ang kapistahan, ano ang karaniwang unang ginagawa ng mga tao?
 - a. naglalagay ng dekorasyon
 - b. naglilinis ng tahanan
 - c. naghahanda ng pagkain
 - d. nagsisimba

4. Pagsapit ng gabi ng kapistahan, ano ang ginagawa ng mga tao?
 - a. sumasama sa prusisyon at nanonood ng mga palabas
 - b. nanunuod ng parada
 - c. sumasakay sa iba't ibang uri ng sasakyang pampasaya
 - d. masayang nagsisimba

5. Sa araw ng kapistahan, ano ang karaniwang makikita.
 - a. mga bata at matatanda na nagsisimba
 - b. nagliligpit ng pinagkainan
 - c. nagkukwentuhan ng pinagka gastusan
 - d. nanunuod ng palabas

Gawain 2:

Panuto:


Ayusin ang sumusunod na pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod nito sa kuwento. Lagyan ito ng bilang isa (1) para sa una, dalawa (2) sa kasunod at hanggang 6 para sa pinakahuling pangyayari. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

- * ____ sumasama sa prusisyon
- * ____ naglilinis ng tahanan
- * ____ masayang nagsisimba
- * ____ naglalagay ng dekorasyon
- * ____ nagkukuwenta ng pinagkagastusan
- * ____ nagpapatay ng hayop

Gawain 3:

Balikan ang kuwentong “Pistang Bayan” at isalaysay muli ang mga pangyayari ayon sa pagkakalahad nito sa kuwento. Gamitin ang *graphic organizer* na nasa ibaba upang maisalaysay ito muli.

“Pistang Bayan”



Isaisip

Ang kronolohikal na paglalahad ng mga pangyayari sa isang babasahin ay mahalaga dahil ito ay nakapagpapadali sa pag-unawa sa binabasa. Madali mong naiintindihan ang iyong binabasa kung sunod-sunod ang pagkakalahad ng mahahalagang pangyayari. Tumatatak sa isipan ng mga mambabasa ang mga pangyayari sa isang babasahin kung maayos at sunod-sunod ang pagkakalahad nito.

Tanong:

- 1 Bakit mahalaga na sunod-sunod o kronolohikal ang pagkakalahad ng mga pangyayari sa isang akda lalo na ang kuwento?
- 2 Sumulat ng isang sanaysay na nagtataglay ng mga hakbangin.

Halimbawa: Ang tamang hakbang sa paghuhugas ng pinggan.



Naunawaan mo ba ang kahalagahan ng paggamit ng kronolohikal na pagsunod-sunod lalo na sa pagsasalaysay ng teksto? Madali lang, 'di ba? Halika na at isagawa ang susunod na gawain.



Isagawa

Makinig at unawaing mabuti ang tekstong babasahin ng iyong kapatid. Sagutin mo ang mga gawain na nasa ibaba. Isulat ang iyong mga sagot sa iyong sagutang papel.

Ako si Maria, sampung (10) taong gulang at ulilang lubos. Ipinanganak na mahirap lamang subalit sa kabila ng kahirapan ay pinalaki ako ng aking mga magulang na responsable at may takot sa Diyos. Sa murang edad ay natuto na ako ng mga gawaing bahay at maghanap buhay para may makain sa araw-araw. Paggising sa umaga ay agad akong nagdarasal at nililigpit ko ang aking hinigaan.

Matapos kong magligpit ay nagluluto na ako ng aking almusal pati na rin ng baon ko sa pangangalakal. Bago ako umalis ng bahay ay kumakain muna ako saka dumeretso sa lugar kung saan maraming basura, na ang puwede kong pagkakitaan. Subalit ngayong araw ay kaunti lamang ang aking nakalakal kaya nagpasya akong umuwi na lamang at bumalik kinabukasan.


Gawain 1:

Pagsunod-sunurin ang mga pangungusap na nasa ibaba ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa napakinggang teksto. Lagyan ito ng bilang 1 para sa pangungusap na dapat una, hanggang sa 5 para sa huling pangungusap.

- _____ Nagluto na ako ng aking almusal pati na rin baon.
- _____ Umuwi na lamang at bumalik kinabukasan.
- _____ Paggising sa umaga ay agad akong nagdarasal
- _____ Kumain muna ako bago umalis ng bahay.
- _____ Natuto na ako ng gawaing bahay at maghanapbuhay.

Gawain 2:

Isalaysay muli ang nabasang teksto sa paraang naunawaan mo. Gamitin ang *Graphic Organizer* na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



Nasagutan mo ba lahat ng Gawain? Subukin pa natin ang iyong kakayahan upang mas lalo mo pang maunawaan.



Tayahin

Makinig ng balita tungkol sa kung paano tinutugunan ng ating pamahalaan ang pandemyang *COVID-19*. Talasan ang pandinig at ituon ang atensiyon sa nagsasalita. Kung maaari ay sikaping maibalangkas o maibuod ito. Isalaysay itong muli sa paraang kronolohikal na pagkakasunod-sunod. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Madali mo bang natukoy ang iba't ibang paraan o hakbang ng pagtugon ng pamahalaan ukol sa pandemyang *COVID-19*? Mabuti! Ito ay patunay na may sapat ka nang kaalaman upang masagutan ang karagdagang gawain.



Karagdagang Gawain

Sa tulong ng iyong magulang o kamag-anak, magtanong ka kung paano magluto tulad ng pagprito ng isda at iba pa. Gumamit ng bilang para sa unang hakbang hanggang sa huling hakbang sa pagluluto nito.

Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



Susi sa Pagwawasto

Subkin
1. 4
2. 1
3. 2
4. 5
5. 3

Balikan:
1. Ibat ibang sagot

Tuklasin:
Gawain 1:
1. 5
2. 3
3. 2
4. 4
5. 1

Gawain 2
Ibat ibang sagot

Surin:
Gawain 1:
1. E
2. A
3. C
4. B
5. D

Gawain 2:
Ibat ibang sagot

Pagymanin:
Gawain 1
1. B
2. B
3. B
4. B
5. A

Gawain 2: (5,1,4,2,6,3)

Gawain 3:
Ibat ibang sagot

Isagawa:
1. 3
2. 5
3. 2
4. 4
5. 1

Gawain 2:
Ibat ibang sagot

Karagdagang Gawain: Ibat ibang sagot

Ang pagtataya ng pagwawasto para sa gawang napapaloob sa modyul na ito ay naayon sa rubrik na nasa ibaba

RUBRIK SA PAGSULAT NG TALATANG NAGSASALAYSAY MULLI

	1	2	3	4	5
NILALAMAN					
<ul style="list-style-type: none"> • pagsumod sa uri at anyong hinilingi • lawak at lalim ng pagtalakay • Nabibigyang halaga ang paksa 					
BALARILA					
<ul style="list-style-type: none"> • wastong gamit ng wika/salita • baybay, bantas, estruktura ng mga pangungusap 					
ORGANISASYON					
<ul style="list-style-type: none"> • lohikal na pagkakaayos/daloy ng mga idea • pagkakaugnay ng mga idea 					

5-Kumpleto at komprehensibo ang pagkakausunod-sunod ng sulat/hakbang
4-kumpleto ang nilalaman ng mga hakbang
3-May ilang kakulangan sa impormasyon ng talata/sulat:
2-May ideya sa pagsulat ng mga hakbang ngunit hindi gaanong nauunawaan at maykulang sa mga salitang ginamit
1 - Hindi maayos ang pagkakausunod-sunod ng ideyang nais ipabatid at walang panimula

Sanggunian

Patricia Jo C. Agarrado, et.al. (2016) *Alab Filipino, Batayang Aklat, Ikalimang Baitang*. Quezon City: Vibal Group, Inc. pp.55

<http://www.tourisminthephilippines.com/city/Tacloban/tacloban-city-history-fil.php>;http://leytetravel.com/tacloban_city.html

The Philippine Informal Reading Inventory Manual, DepEd, First Edition 2018

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph